Philippine Biblical Worldview Institute

Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa

Revised June 29, 2022

ST103 Revelation About God 2 of 2

Part 2: Ang kalikasan at mga katangian ng Diyos

2a. Ang Diyos ay holy. Taglay ng Isaiah 6: *1-4 ang sumusunod: Nang taong namatay si* King Uzziah nakita ko ang Panginoon sitting upon a throne, high and lifted up; and the train of his robe filled the temple. Sa taas Niya ay may seraphim. Bawat isa ay may six wings: with two he covered his face, and with two he covered his feet, and with two he flew. And one called to another and said:

Holy, holy, holy is the LORD of hosts; the whole earth is full of his glory!

Ang ibig sabihin ng holy ay natatangi o kakaiba sa lahat dahil sa kabanalan. Ang Diyos ng Bibliya ay perfect at wala nang ibang perfect na katulad Niya. Kapag ang salitang perfect ay ginamit sa iba other than God, ang level of perfection ay limited sa uri ng pinaggagamitan.

Halimbawa, sinabihan ni Jesus ang kanyang mga alagad to be perfect as our Father in heaven is perfect. Ibig sabihin, maaari na ang tao ay maging perfect as perfect as a man could be. Ang perfect man ay ang taong walang kapintasan. Hindi sinasabi rito na be perfect na katulad ng perfection ng Diyos as a divine being, tulad ng ninasa ni Lucifer at ni Eba't Adan. Ang utos sa ating mga alagad ni Cristo ay -- *be a perfect man*. At dahil sa sanctifying work ng Banal na Espiritu sa buhay ng mananampalataya, we can expect progress sa ating pagsisikap to be perfect hanggang sa oras na tayo ay ma-totally conformed sa image ng perfect man, the man Christ Jesus. Sa history of man, isa lamang ang perfect man, si Jesus lamang; ang lahat ay nagkasala. Kaya si Jesus ay referred to also as the Holy One.

Sinasabi ni Jesus sa John 17 na ang Diyos ng Bibliya ang one true God. Siya ang natatanging perfection; ang *holy, holy, holy*.

2b. Ang Diyos ay pag-ibig at katarungan. Ang sabi sa 1 John 4:8 ay God is love. Ang Diyos ay punong-puno ng pagmamahal. Ang sabi sa Romans 5:8 patungkol sa pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga hinirang ay ito: Ipinakita ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa atin nang tayo ay makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin.

Sa laki ng pag-ibig ng Diyos, hindi Niya pinagkait sa atin kahit ang Kanyang bugtong na Anak (Romans 8:32). Nakipagtipan ang Diyos sa atin at tayo ay hindi Niya kailanman itatakwil.

Ang sabi naman sa Daniel 9:14 ay ang Diyos ay makatarungan sa lahat ng Kanyang gawain. Siya ay matuwid, hindi nagkakamali. Sa 1 John 1:9 sinasabi na ang Diyos ay makatarungan sa pagpapatawad sa mga umaamin ng kanilang kasalanan sa Kanyang harapan. Kapag justice o righteousness ang pinag-usapan, masasabi natin na kung ano ang ginawa o sinabi ng Diyos, iyon ang makatarungan at totoo. Ibig sabihin, Siya ang sukatan. Ang Diyos ng Bibliya ay inihahayag na isang Just God o Righteous God.

Ang concepto ng love and justice is best understood by looking at Jesus habang Siya ay nakapako doon sa cross ng Kalbaryo. Out of love for us, He paid the just price for the pardon of our sins with His own life

– the just for the unjust. Upang madala Niya tayo sa Diyos, kinailangan Siyang mamatay na kahalili natin. Sa katauhan ni Jesu Cristo, mapagmamasdan ang fusion ng love and justice.

2c. Ang Diyos ay transcendent. Siya ay napakatayog. Siya ay lampas pa sa pinakamataas at pinakamalalim na pang-unawa ng tao. Ang pagiging transcendent ay katangian na hindi nasasakop ng panahon, kalawakan at kaisipan ng tao. Bagamat ang Diyos ay nasa kabuoan ng panahon, kalawakan at isipan, Siya ay lampas pa sa lahat ng mga ito. Ang Diyos ay walang kapantay sa karunungan at kaalaman. Tunay na napakatayog ng Kanyang kaluwalhatian at kadakilaan.

May mga attributes ang Lord being referred to by theologians as non-communicable at ang tawag ko dito ay transcendent attributes tulad ng mga sumusunod: aseity (self-sufficient), eternality (no beginning and no end), infinity (has no limits or limitless in His characteristics), spirituality (a spirit – not made of flesh and bones like man), glorious (maluwalhati), immutable (never changes), omnipotent (makapangyarihan), omnipresent (nasa lahat ng dako) at omniscient (knows everything). Iyan ang mga transcendent attributes ng God na mayroon tayong idea subalit hindi natin gaanong nauunawaan sapagkat napakatayog ng mga attributes na ito.

Ang sabi ng Diyos sa Isaiah 55:8-9 ay ito, *For my thoughts are not your thoughts, neither are your ways my ways, declares the LORD. For as the heavens are higher than the earth, so are my ways higher than your ways and my thoughts than your thoughts*. Ibig sabihin, huwag na natin subukang unawain ng lubusan ang Diyos sapagkat di natin kakayanin.

Kasama sa pagiging transcendent ng Diyos ang Kanya namang pagiging glorious. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay may kinalalaman sa Kanyang worthiness. Siya lamang ang karapat-dapat na bigyan ng parangal at papuri at Siya lamang ang nararapat na sambahin. Ang lahat ng Kanyang nilalang ay nagbibigay kaluwalhatian sa Kanyang mga katangian sa iba't ibang paraan. Ang buong sansinukob ay tumitestigo sa Kanyang kaluwalhatian. Ang Diyos ng Bibliya ay isang Glorious God o Majestic God.

2d. Ang Diyos ay immanent. Ang Diyos ay nananahan sa limitasyon ng panahon, kalawakan at kaisipan ng tao. Ang matayog na Diyos na hindi kayang abutin ng tao o unawain ng lubusan ay napakalapit din. Mayroon Siyang mga communicable attributes na makaka-relate tayo katulad ng love, joy, peace, patience, goodness, kindness, gentleness, faithfulness at self-control. Tinatawag ko ang mga attributes na ito na immanent attributes.

Mapag-aalaman natin mula sa Psalm 145:8-21 na kasama ng dakilang pag-ibig ng Diyos ang Kanyang biyaya para sa atin kahit hindi tayo karapat-dapat biyayaan at napapasa-atin ang Kanyang pagkahabag kahit nararapat tayong parusahan. Lasap natin ang Kanyang kahinahunan kahit ang Kanyang galit ang dapat nating tanggapin. Siya ay gracious and merciful, puno ng kabutihan at pagkaawa, matagal magalit. Kaya masasabi na ang Diyos ng Bibliya ay isang Loving God at Forgiving God.

Part 3: Ang kalooban ng Diyos

Ang binibigay ng Panginoong Jesus sa Kanyang mga tupa ay eternal life, na ang kahulugan ay niliwanag Niya sa John 17:1-3 as knowing the only true God and Jesus Christ whom He has sent. Ito ang kalooban ng Diyos para sa atin.

Walang makakikilala sa Diyos na hindi nanaising mahalin Siya. Ang utos na mahalin ang Diyos ng buong puso, isip, kaluluwa at lakas ay malugod na susundin ng mga tupa ni Cristo. Sa katunayan, hindi nila

mapipigilan ang kanilang sarili na mahalin, sambahin at paglingkuran ang nakikilang tunay na Diyos.

Nilikha ng Diyos ang tao with a dual purpose – worship and service (Genesis 1:28; Matthew 4:10). Ang pagsamba ay ang makapuso at masiglang pagbibigkas ng mga dakilang katangian ng Diyos katulad ng Kanyang mga transcendent at immanent attributes at rejoicing sa mga kamangha-mangha Niyang mga gawa. Ito ay ang pagbibigkas din ng karapatan ng Diyos na tumanggap ng lahat ng kaluwalhatian, karangalan at pasasalamat. Ayon kay Cristo sa John 4:24, ang tamang paraan ng pagsamba sa Diyos ay pagsamba sa espiritu at katotohanan.

Ang paglilingkod sa Diyos ay ang pagpapatupad ng Kanyang layunin para sa tao, ang original mandate na ibinigay kina Adam at Eve sa Garden of Eden before the fall: Ang maging mabunga at magparami ng bilang; ang pagpupuno ng mundo at pagsupil sa lupa; at ang pamamahala ng mga isda sa karagatan, mga ibon sa kalawakan, at lahat nang gumagalaw sa balat ng lupa. Kalooban ng Diyos na masumpungan natin ang ating kaligayahan sa pagsamba at paglilingkod sa Kanya.

Part 4: Ang kasiyahan ng Diyos

Pitong beses sa creation account binanggit ang salitang mabuti at ang thought behind the context ay ang kasiyahan na nalasap ng Diyos sa kinalabasan ng Kanyang mga nilikha. Itong kaisipang ito ang pinagmulan ng salitang *mabuti* – ang nagbibigay kasiyahan sa Diyos.

Sinasabi sa Hebrews 11:6 ang ganito: *And without faith it is impossible to please him, for whoever would draw near to God must believe that he exists and that he rewards those who seek him.* Samakatuwid, kung ang lumalapit sa Diyos ay walang paniniwala at pagtitiwala sa Kanya, hindi siya kasisiyahan ng Diyos. Kaya nga, upang tayong mga mananampalataya ay makapamuhay ng kasiya-siya sa Diyos kinakailangan na tayo ay may paniniwala sa Kanyang salita na may kalakip na pagtitiwala; otherwise, hindi Niya tayo kasisiyahan.

Sinasabi sa atin ng Romans 1:17 na ang matuwid ay nabubuhay sa pananampalataya – the righteous shall live by faith. Sa 2 Corinthians 5:7 tinuturo sa atin na habang tayo ay nandirito sa mundo, tayo ay dapat mamuhay ayon sa ating pananalig at hindi ayon sa ating sariling pang-unawa. At sa Romans 14:23 naman, sinasabi sa atin na ang ating mga ginagawa na hindi nagmumula sa pananampalataya ay kasalanan.

Kaya nga, huwag sana tayong magkamali na ang ating kasiyahan ang dapat nating naisin kundi ang kasiyahan ng Diyos.

Multiple Choice

1. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Ang Diyos ay banal at perfect
   b. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad to be perfect sapagkat ang Diyos Ama na nasa langit ay perfect.
   c. Ang mga mananampalataya ay maaaring maging perfect habang narito sa lupa.

2. Ipinakita ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa atin nang tayo ay makasalanan pa _____.
   a. namatay para sa atin si Cristo.
   b. inutusan Niya tayong gumawa ng mabuti.
   c. dapat nating ihandog ang ating buhay sa Diyos.

3. Alin sa mga sumusunod ang hindi tamang pangungusap?
   a. Ang Diyos ay makatarungan sa lahat ng Kanyang gawain
   b. Ang Diyos ay makatarungan sa pagpaparusa sa mga umaamin ng kanilang kasalanan.
   c. Ang concepto ng pag-ibig at katarungan ay mauunawaan natin sa pamamagitan ng pagkapako ni Jesus sa krus ng Kalbaryo.

4. Ano ang ibig-sabihin ng transcendent?
   a. Lahat ng bagay patungkol sa katangian ng Diyos ay kaya nating unawain?
   b. May mga katangian ang Diyos na hindi natin kayang ipaliwanag o unawain ng lubusan
   c. Kaya nating isipin ang iniisip ng Diyos at gawin ang mga bagay na sa tingin natin ay gagawin ng Diyos

5. Ang pagiging transcendent ng Diyos ay may kinalaman sa Kanyang pagiging
   a. Omnipotent
   b. Omniscient
   c. Glorious

6. Ano ang ibig-sabihin ng Imamanent?
   a. Siya ay nananahan sa limitasyon ng panahon, kalawakan at kaisipan ng tao.
   b. Siya ay lampas sa pinakamataas at malalim na pang-unawa ng tao.
   c. Ang Diyos ay minsan mauunawaan at minsan naman ay hindi depende sa ating nalalaman.

7. Ang Diyos, ayon sa Psalm 145:8-21 ay
   a. Madaling magalit
   b. Mapagbiyaya at mahabagin
   c. nagbabago ng isip

8. Ang dual purpose ng pagkalikha ng Diyos sa tao ay
   a. Sumamba at magtrabaho
   b. Sumamba at maglingkod
   c. Maglingkod sa Diyos at sarili

9. Ang isa sa layunin ng Diyos para sa tao ay
   a. Maging mabunga at magparami ng pamilya
   b. Pamahalaan ang mga tao
   c. Punuin ang mundo at supilin ang lupa

10. Mayroong isang common word sa mga talata sa Romans 1:17, 2 Corinthians 5:7 at Romans 14:23, ito ay:
    a. Good works
    b. Faith
    c. Righteousness

© Revised June 29, 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.